- Paano mo mapalalakas ang loob ng mga dumaranas ng kahirapan upang ipagdiwang din nila ang pagdating ni Jesus? Mangakong ibabahagi ang ebanghelyo ni Jesus na puno ng biyaya at katotohanan.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala kay Jesus sa mundo upang iligtas ang sangkatauhan. Pasalamatan Siya sa Kanyang katapatan sa gitna ng lahat ng iyong pinagdaraanan.
- Hingin sa Diyos na patuloy na ipaalala sa iyo na nakikiisa Siya sa iyo sa mga pinagdaraanan mo, at tulungan kang mapagtagumpayan ang kasalanan at mga pagsubok sa buhay.
- Ipanalangin ang katapangan at habag upang maibahagi mo ang mabuting balita ni Jesu-Cristo sa mga lubhang nangangailangan nito.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

# In Time

## Si Jesus, Ang Logos

WEEK 1

## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa paborito mong tradisyon tuwing Pasko.
- Maituturing mo ba ang iyong sarili bilang mahilig magplano, na iniisip ang lahat ng mga detalye? Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang pinakamagarbong ginawa mo para sa isang tao? Bakit mo ito ginawa?

## WORD

*Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:14**

Ang lahat ay nasasabik sa Pasko. Ang mga pagtitipon-tipon ng mga pamilya, ang mga regalong ibinibigay natin, ang mga pagdiriwang na ating pinupuntahan, ang mga makukulay na ilaw at mga dekorasyon na nakikita natin sa paligid—ang mga ito ay nagpaparamdam sa atin na nandito na nga ang Pasko. Ngunit kahit na hindi tayo nakatitiyak kung mapapanatili natin ang ating mga tradisyon, ang kapanganakan ni Jesus ay maaari at nararapat na ipagdiwang. Si Jesus ay pumarito sa mundo, at kahit na sa dahilang ito lamang, maaari tayong magkaroon ng pag-asa at kasiyahan. Tingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng pagdating ni Jesus para sa atin ngayon.

## 1 Si Jesus ay banal.

*[1]Nang pasimula, naroon na ang tinatawag na Salita. Ang Salita ay kasama ng Diyos at ang Salita ay Diyos. [2]Sa simula pa'y kasama na siya ng Diyos. [3]Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya. . . . [14]Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:1–3,14**

Ang ibig sabihin ng *logos* ay "salita, pananalita, o pagbigkas." "Nang pasimula" ay isang hayagang pagtukoy ni apostol Juan sa simula ng paglikha, kung saan nagsalita ang Diyos at ang lahat ng nilalang ay nalikha (Juan 1:3). Sa pahayag na ito, idiniin ni Juan ang pagka-Diyos ni Jesus, *kaisa-isang Anak ng Ama*, sa pamamagitan ng pagtukoy sa Kanya bilang ang Salita na *nagkatawang-tao*. Kung paanong ang lahat ng bagay ay nilikha nang may banal layunin, maaari tayong magkaroon ng kapayapaan at pag-asa maging sa gitna na kaguluhan at kalituhan, dahil alam natin na si Jesus ay makapangyarihan at kaya Niyang magdala ng kaayusan. Paano mo naranasan ang kapayapaang ito maging sa oras ng kaguluhan?

## 2 Si Jesus ay pumarito upang mamuhay kasama natin.

*Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:14**

Ipinagdiriwang natin ang Pasko hindi lamang dahil may isang sanggol na ipinanganak, kundi dahil ang Tagapagligtas ng mundo ay dumating. Si Jesus ay nagkatawang-tao at namuhay na tulad natin. Ipinanganak Siyang tao, humarap sa mga pagsubok na pinagdaraanan ng mga tao, at ikinamatay ang kamatayan ng isang tao. Kahit na namuhay Siya nang walang kamalian, nagdusa Siya kasama natin. Pumarito Siya upang tubusin ang sangkatauhan mula sa pagkakautang ng ating mga kasalanan, na mababayaran lamang ng kamatayan (Mga Taga-Roma 6:23). Siya ay Diyos, na piniling maging tulad natin upang makiisa sa atin at matulungan tayong pagtagumpayan ang kasalanan at kamatayan. Ano ang sinasabi sa Mga Hebreo 4:15,16 tungkol sa pakikipag-ugnayan ni Jesus sa atin?

## 3 Sa pamamagitan ni Jesus, nakita natin ang kaluwalhatian ng Diyos Ama.

*Nagkatawang-tao ang Salita at namuhay na kasama natin. Nakita namin ang kadakilaan niya bilang kaisa-isang Anak ng Ama. Puspos siya ng biyaya at pawang katotohanan ang mga sinasabi niya.* **JUAN 1:14**

Bilang ang *logos*, nang pumarito si Jesus sa mundo, Siya ang naging tinig ng Diyos sa mundo. Noong panahon ng Kanyang kapanganakan, walang naging kapahayagan mula sa Diyos sa pamamagitan ng Kasulatan o propesiya sa loob ng 400 taon. Subalit sa pamamagitan ng buhay at mga katuruan ni Jesus, nakita ng mga tao ang kaluwalhatian ng Diyos, puno ng *biyaya at pawang katotohanan*. Nagpakita si Jesus ng pagmamahal at habag, na ganap na naihayag sa sakripisyo Niya sa krus para sa mga taong hindi karapat-dapat na tumanggap nito. Hindi rin Siya natakot na sabihin ang katotohanan ng Diyos at ihayag ang hatol sa kasalanan, at tinawag Niya ang lahat ng sangkatauhan na magsisi, dahil nalalapit na kaharian ng Diyos. Paano mo naranasan ang biyaya ng Diyos?

## APPLICATION

- Ano ang maaaring pumipigil sa iyo upang tunay na maipagdiwang ang Pasko ngayong taon? Paano makatutulong ang mga natutunan mo ngayon upang mapagtagumpayan mo ang hadlang na ito?
- Basahin at pag-isipan ang Mga Hebreo 4:15,16. Ano ang ibig sabihin para sa iyo ng pagiging tao ni Jesus at paano nito binabago ang paraan mo ng pamumuhay?